

Mahal na mga Magulang at Guardians,

Para sa maraming estudyante, ang transisyon mula elementary school patungo sa high school ay maaring challenging at komplikado. Ang mga alalahanin tungkol sa mga pagbabago sa work load at school environment, ang pagkakaroon ng ibang mga kaibigan, ang mga bagong social pressure, at ang karagdagang pananagutan ay maaring magpabigat sa panahong ito paminsan-minsan.

Kinikilala ng YWCA Metro Vancouver ang pangangailangang suportahan ang mga estudyante sa kanilang transisyon papunta sa high school, at nagdibelop ito ng libreng after-school program na tinatawag na *Guide to High School (Patnubay para sa High School)*. Sa after-school sessions bawat linggo, matututunan ng mga estudyante ang mga paksa tulad ng healthy living, stress management, time management, mindsets, mga pakikipagkaibigan, peer pressure, bullying, identidad, power dynamics, at social media.

Bukod pa rito ay magkakaroon sila ng pagkakataong makipagkonekta sa ibang mga estudyante sa Grade 7 sa kanilang eskwelahan at sa kanilang komunidad habang binibigyan sila ng guidance ng intergenerational team ng program leaders (kabilang dito ang mga kasalukuyang estudyante sa high school at mga experienced facilitators).

Para sa karagdagang impormasyon, o upang magrehistro, kontakin kami sa [youth@ywcavan.org](mailto:youth@ywcavan.org) o kaya'y bisitahin ang [www.ywcavan.org/grade7register](http://www.ywcavan.org/grade7register)

Sumasainyo,

Ang YWCA Youth Education Team

535 Hornby Street Vancouver, BC V6C 2E8

[www.ywcavan.org](http://www.ywcavan.org)

